Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 27 MAYO 1996, IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY SAN AQUILINO.

- -

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ranulfo G. Barnal	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Ernesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Lerma F. Dimapilis	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Cesar T. Baticos

- -

KAPASYAHAN BLG. 052
Taong 1996

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN AQUILINO, Roxas, SILANGANG MINDORO AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, minsan sa isang buwan ay nagdaraos ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T ang ikaanim na pagpupulong na ito sa barangay ay ginanap sa Barangay San Aquilino, Mayo 27, 1996;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng San Aquilino at ng mga mamamayang naghangad na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-diyalogo sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng San Aquilino at ng mga mamamayan nito sa Sangguniang Bayan sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng San Aquilino sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at ng staff nito sa ginawang pagpupulong noong Mayo 27, 1996.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Angeles D. Bautista na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng San Aquilino at sa mga mamamayan nito ang taospusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Mayo 27, 1996.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Aquilino, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Oscar Sison, Punong Barangay, para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 27 Mayo 1996

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

mcrz/